# Ehekutibong Buod ng Pakikipag-uugnayan sa Komunidad

Sa pagbabago sa mga pattern ng paglalakbay na dulot ng pandemya ng COVID-19 at mga iskedyul ng nagtatrabaho sa bahay (work-from-home), muling sinusuri ng Sound Transit ang mga priyoridad mula sa Estratehikong Plano sa Timog ng Sounder noong 2020. Bago ang pandemya, ang pagtataya para sa malalaking pagtaas ng mga sumasakay sa panahon ng mga peak period ay humantong sa pagbibigay-priyoridad sa mas mahahabang tren (10-car sa halip na 7-car na tren na ginamit noong 2019) para matugunan ang paglagong ito.

Noong taglagas ng 2023, nagsagawa kami ng mga pagsisikap sa pakikipag-ugnayan para maunawaan ang priyoridad ng mga tao sa pagitan ng pagpapanatili sa kasalukuyang plano para sa mas mahahabang tren sa panahon ng pagsakay sa peak period kumpara sa pagdaragdag ng mas maraming oras ng biyahe sa kasalukuyang iskedyul. Siniyasat din namin kung paano kasalukuyang ginagamit ng mga tao ang Sounder at kung paano nila naiisip na mapagsisilbihan sila nito ng mas mahusay sa hinaharap. Sa aming pakikipag-ugnayan, napansin namin na ang anumang bagong biyahe ay mangangailangan ng negosasyon sa BNSF Railway, na nagmamay-ari ng karamihan sa mga riles na dinadaanan ng Sounder.

***Pakikipag-ugnayan ayon sa numero***

- **13,502 natatanging bisita** sa online open house mula Setyembre 27 – Oktubre 29, 2023
- **5,615 kataong nakibahagi sa ginawang** online na survey
- **3 update sa email tungkol sa proyekto** ang ipinadala sa mahigit **3,400 tatanggap**
- **3 alerto para sa sumasakay sa** mahigit 18,000 tatanggap
- **4,000+ katao ang nakibahagi sa** 13 naka-table na event, 13 pakikipanayam sa stakeholder, at 6 na presentasyon sa komunidad
- **4 na personal na mga focus group** na may mga komunidad na kulang sa
- **11,000+ katao ang nakibahagi** sa digital na mga ad sa apat na wika
- **313 poster ang** naipamahagi sa mga tren ng Sounder at sa mga destinasyon sa

**Mga pangunahing aral na nakuha mula sa feedback:**

- Siyamnapung porsyento ng mga respondent sa survey ay mas gusto ang mga bagong biyahe kaysa sa mas mahahabang tren. Ang antas ng kagustuhang ito ay walang pagbabago sa lahat ng kategorya ng demograpiko, ngunit bahagyang mas mababa sa mga madalas na sumasakay[1], na may 79% na mas gusto ang mga bagong biyahe.
- Ang karagdagang biyahe sa weekend ay pinaboran nang 81.6% ng mga respondent, habang suportado ng 57% ang karagdagang bagong biyahe mula lunes hanggang biyernes.
- Susuportahan ng mas maraming bilang ng mga respondent (75.3%) ang pagbabawas ng dalas sa mga panahon ng peak period para magdagdag ng mga biyahe sa ibang mga oras ng araw o linggo (nakadepende sa pag-apruba ng BNSF).

Para makuha ang feedback na ito, nagdaos kami ng isang online open house sa pagitan ng Setyembre 27 at Oktubre 29, na nakatanggap ng higit sa 5,600 tugon sa survey at isinalin sa walong wika (Espanyol, Vietnamese, Korean, Tagalog, Simplified Chinese, Somali, Ukrainian at Russian). Nagsagawa din kami ng

[1] Tinutukoy ang mga madalas sumakay bilang mga nagsasabing sumasakay sila ng Sounder nang hindi bababa sa isang beses sa isang linggo.

apat na focus group sa mga komunidad na kulang sa serbisyo at nakipag-ugnayan sa mahigit 4,000 katao sa mga kaganapan sa komunidad at mga istasyon ng Sounder.

Isinapubliko ang online open house sa mga komunidad sa buong Sounder South corridor, para maabot ang parehong mga sumasakay at hindi sumasakay. Ang mga materyales kasama ang mga poster, digital ad, at mga advertisement sa lokal na media ay inilagay sa mga lungsod sa mga istasyon ng Sounder at mga kalapit na komunidad ng county ng South King at Pierce. Anim na lokal na media outlet din ang nag-broadcast ng mga kuwento tungkol sa survey, kabilang ang isang Espanyol na istasyon ng radyo na nakapanayam ang kawani ng Sound Transit. Maraming mga partner sa komunidad at hurisdiksyon ang tumulong din sa pagkalat ng balita sa pamamagitan ng pagbabahagi ng content sa kanilang mga channel ng social media at sa kanilang mga email network.

### *Walang pinapanigang pakikipag-ugnayan*

Gumamit kami ng multi-pronged na pamamaraan para matiyak na ang mga boses ng mga komunidad na dati hindi gaanong kinakatawan ay *m*akikita sa mga resulta ng pakikipag-ugnayan. Isinalin namin ang aming survey at karamihan sa mga materyales na pangkomunikasyon sa walong wika at nagsagawa ng apat na personal na mga focus group sa mga komunidad na kulang sa serbisyo, bilingual ang tatlo sa mga ito (Espanyol at Vietnamese). Ang isang pangunahing aral na nakuha sa mga pagsisikap na ito ay walang pagbabago ang mga priyoridad sa pangkalahatan sa lahat ng grupo, na ang biyahe sa weekend ang pinakagusto ng mga focus group, kalahok sa survey, at sa lahat ng kategorya ng kita, lahi, at heograpiya.

**Sino ang naabot namin:**

- *1,157 sa mga respondent ng survey (26.4%) ay nagpapakilala bilang mga taong hindi white ang lahi*
- *472 natatanging bisita sa mga isinaling bersyon ng online open house*
- *108 kompletong naisaling survey*
- *462 respondent sa survey ang nagsabi na ang isang wika maliban sa Ingles ang regular na sinasalita nila sa kanilang bahay*
- *24.8% ng mga respondent ang nag-ulat na mas mababa sa $75,000 ang taunang kita ng sambahayan*

# *Ang aming narinig: mga resulta ng survey*

### ***Mahahabang tren kumpara sa mga bagong biyahe***




**Ang lahat ng demograpikong grupo ay nagpakita ng parehong kagustuhan para sa pagbibigay-priyoridad sa mga bagong biyahe kaysa sa mas mahahabang tren, kabilang ang lahat ayon sa kita at lahia, na may 89.6% na sumusuporta sa mga bagong biyahe.**

Ang mga madalas na sumasakay sa Sounder (mga sumasakay nang hindi bababa sa isang beses sa isang linggo) ay bahagyang hindi pabor sa mga bagong biyahe (79%) kaysa sa kabuuan ng mga respondent.

Mas gusto ng mga respondent mula sa lahat ng heograpikong lugar ang mga bagong biyahe kaysa sa mahahabang tren. Ang kagustuhan ay pinakamataas para sa mga tao sa Seattle (96.4%) at pinakamababa para sa mga tao sa County ng South King (84%)

**Halimbawa ng mga komento mula sa mga respondent ng survey**

*“Gusto kong makita ang Sounder na maging isang maayos na sistema ng tren sa rehiyon at hindi lamang nakatuon sa mga panahon ng peak period.”*

*“Makikinabang kami ng malaki ng aking pamilya kung mas marami ang biyahe.”*

*“Puwede ba tayong bumalik kahit 7 car na tren man lang? Mula noong 2005 sumasakay na ako ng Sounder at nagbibisikleta mula noong 2008. Ang pagdami ng mga ebike at scooter ay nangangailangan ng mas maraming sasakyan.”*

Update sa estratehikong plano ng Sounder South

### *Mga gustong araw at oras ng biyahe*

**Karamihan sa mga respondent (81.6%) ang nagsabi na sasakay sila ng mga bagong biyahe sa weekend, habang ang mas maraming bilang (57%) ay nagsasabing sasakay sila sa mga weekday. Pareho ang mga tugon ayon sa mga kategorya ng kita at lahi.**




### *Mga biyahe sa weekday*

Ang mga respondent na pumili ng mga biyahe sa weekday ay maaaring pumili nang hanggang dalawang opsyon para sa oras ng araw at direksyon na gusto nilang makakita ng mga bagong biyahe. Ang pinakakilalang kategorya ay ang panggabi sa[2] southbound (65.2%) at tanghali sa[3] northbound (52.2%). Ang mga hindi sumasakay at hindi madalas sumasakay[4] ay nagpakita ng mas mataas na kagustuhan para sa mga panggabing biyahe sa northbound kaysa sa madalas na sumasakay.

Mas gusto ng mga respondent ng Pierce County at South King County na magkaroon ng higit pang opsyon para dumalo sa mga aktibidad sa hapon sa Seattle (mga pangtanghaling biyahe sa northbound / panggabing biyahe sa southbound), habang ang mga respondent sa Seattle ay gustong magkaroon ng mga opsyong pumunta sa south sa araw at bumalik sa northbound sa gabi.

Maaari ring pumili ang mga respondent kung anong araw ng linggo sila sasakay. Ang mga biyahe sa kalagitnaan ng linggo ay nagpapakita ng pinakamataas na porsyento ng potensyal na sumakay, na may 78.7% ng mga respondent na nagsasabi na sasakay sila sa Huwebes at 78.5% na nagsasaad na sasakay sila sa Miyerkules. Malapit na sinusundan ito na may 73.9% na nagsasabing sasakay sila sa Martes at 73.4% naman sa Biyernes. Lunes ang may pinakamababang potensyal na may sasakay na may 63.8%

Ang lahat ng demograpikong grupo ay nagpapakita ng parehong kagustuhan sa araw-ng-linggo maliban sa may mas mababang kita [5]at mga respondent sa Seattle[6] na nagpakita ng pinakamataas na kagustuhan para sa mga biyahe sa Biyernes sa mga rate na 78.7% at 81.1% ayon sa pagkakabanggit.

---

[2] Ang panggabing biyahe sa weekday ay tinukoy bilang 6 -10 p.m.

[3] Ang pangtanghaling biyahe sa weekday ay tinukoy bilang 8 a.m. - 2 p.m.

[4]Tinutukoy ang mga madalang sumakay bilang mga respondent na nagsasabi na sumakay sila ng Sounder nang mas mababa sa isang beses kada buwan o 2-3 beses bawat buwan.

[5] Tinutukoy ang mga respondent na mababa ang kita bilang mga nagsasaad na ang kanilang kita sa sambahayan ay $35,000 o mas mababa.

[6] Tinutukoy ang mga respondent sa Seattle bilang mga nagsasaad na ang istasyon ng King Street ay ang istasyong pinakamadalas nilang ginagamit (mga sumasakay) o pinakamalapit sa kanilang tinitirhan (hindi sumasakay).

### *Mga biyahe sa weekend*

**Halimbawa ng mga komento mula sa mga respondent ng survey**

*“Ang huling oras ng pag-alis ng tren sa umaga mula sa Tacoma ay palaging napakahirap bilang isang bahay na may isang kotse na may isang bata na kailangang ihatid sa daycare. Maaaring mapadali ito ng mga opsyon sa panghuling oras.”*

*Ayaw kong ma-stuck sa downtown mula 8am hanggang 2:30, sa maraming pagkakataon, kailangan kong sumakay ng Uber sa panahong iyon para sa mga dahilan na pang-emergency. Parang gusto kong magmaneho at pumarada sa aking tanggapan.”*

*“Talagang gustong makita ang mga karagdagang biyahe na panggabi. Papayagang manatili sa downtown para sa mga konsyerto/masayang oras kasama ang mga katrabaho at kaibigan at hindi na kailangang umasa sa isang uber o bus sa halip sasakay na lang sa Sounder.”*

Ang mga respondent na pumili ng mga biyahe sa katapusan ng linggo ay maaaring pumili ng hanggang dalawang opsyon para sa oras ng araw at direksyon na gusto nilang makakita ng mga bagong biyahe. Ang pinakamataas na mga tugon ay para sa panggabi sa [7]southbound (57.7%) at pang-umaga sa[8] northbound (46.6%). Malamang na mangyari ito dahil karamihan sa mga respondent ay mula sa South King at Pierce County. Ang mga residente ng Seattle ay may mas mataas na kagustuhan sa panggabing northbound (60.6%) at pang-umagang southbound (50.8%)

Ang mga respondent na may mababang kita ay nagpakita ng bahagyang interes sa biyaheng pang-umaga na soutbound at panggabi na northbound, kumpara sa iba pang antas ng kita. Ang mga taong hindi white ang lahi[9] ay nagpakita ng bahagyang interes sa mga tren na panghapon na southbound at panggabi na northbound, kumpara sa mga white na respondent.

**Halimbawa ng mga komento mula sa mga respondent ng survey:**

*"Taga-Tacoma ako pero nakatira ako sa Seattle. Nakatira pa rin sa Tacoma ang lahat ng aking pamilya, at gusto kong sumakay sa Sounder para makita sila sa weekend..."*

*"Gusto kong makapunta sa Seattle o Tacoma sa weekend para makipagkita sa mga kaibigan, o bisitahin lamang ang lungsod... Napakahalaga nito bilang isang taong nakatira malayo sa mga pagpapalawak ng Light rail."*

*“Mahirap at mahal ang pagmamaneho at pagparada sa Downtown Seattle…Ang isang tren na may mga hookup sa mga water taxi at ferry ay magiging perpekto para sa mga pamamasyal sa weekend.”*

[7] Ang panggabing biyahe sa weekend ay tinukoy bilang 5-10 p.m.
[8] Ang pang-umagang biyahe sa weekend ay tinukoy bilang 6 a.m -12 p.m.
[9] Tinutukoy ang mga taong hindi white ang lahi bilang: American Indian o Alaskan Native; Asian o Asian American; Black, African o African American; Native Hawaiian o iba pang Pacific Islander; Middle Eastern o North African; Dalawa o higit pang lahi.

# Update sa estratehikong plano ng Sounder South

### *Mga layunin ng biyahe*

Ang pinakapopular na layunin ng pagbiyahe ay para sa libangan o mga panlipunang aktibidad, tulad ng pagdalo sa mga kaganapan, pamamasyal, pamimili/mga gawain, o pakikipagkita sa mga kaibigan at pamilya. Ang trabaho ay isinasaad bilang layunin ng pagbiyahe nang 68% sa mga weekday at 37.6% sa mga weekend. Kasama sa iba pang layunin ng pagbiyahe ang pagpasok sa paaralan at mga medikal na appointment.

### *Kapasidad*

Humigit-kumulang 10% ng mga respondent ang nagpahayag ng pagnanais na unahin ang 10-car na tren kaysa sa karagdagang mga bagong biyahe, at nakatanggap kami ng 80 komento na may kaugnayan sa dami ng espasyo o kapasidad sa mga tren ng Sounder ngayon. Labing-pito sa mga komentong iyon ang nagbanggit ng pangangailangang bumalik sa pitong car na tren dahil sa pagsisiksikan. Narinig din namin na ang mga bisikleta at mga scooter ang dumagdag sa mga problema sa kapasidad.

**Halimbawa ng mga komento mula sa mga respondent ng survey:**

*“Mula sa seattle hanggang sa tukwila, siksikan masyado at hindi makaupo ang papuntang soutbound. Nakakainis ito. Karamihan sa mga oras ay kailangang tumayo hanggang sa makarating sa istasyon ng auburn”*

*“Mas marami ang sumasakay sa Martes hanggang Huwebes dahil may mga taong nagtatrabaho lang ng 3 araw sa isang linggo. Dahilan ng pagkakapuno ng mga car ng tren sa mga araw na iyon.”*

*“May pagtaas ng bilang ng mga commuter na may mga bisikleta at scooter. Kadalasan kapag panahon ng peak hour, puno ang mga lugar na ito sa mga car ng tren lalo na sa panahon ng tag-araw/magandang panahon.”*

### *Pagsasaayos ng iskedyul ngayong araw*

Tinanong ng survey kung susuportahan ng mga respondent ang pagbabawas ng dalas sa mga peak period para magdagdag ng mga biyahe sa ibang mga oras ng araw o linggo (nakadepende sa pag-apruba ng BNSF). Sinuportahan ng karamihan ng mga respondent (75.3%) ang pagpapalawak sa mga biyahe, at ang antas ng suportang ito ay pare-pareho sa mga kategorya ng kita, lahi, at heograpiya. Sa mga madalas na sumasakay, 55.7% ang ginustong bawasan ang dalas sa mga peak period para magdagdag ng mga biyahe sa ibang pagkakataon.

## *Ano ang narinig namin: outreach ng mga focus group at stakeholder*



*Ang focus group sa Tacoma kasama ang mga miyembro ng dance troupe ng Vietnamese Sunflower.*

Nakikipag-ugnayan ang mga kawani sa iba't ibang komunidad na matagal nang kulang sa serbisyo para mapagsilbihan ang apat na focus group para maunawaan ang kanilang mga pangangailangan, mga pattern ng pagbiyahe, mga hadlang sa pagsakay sa tren, at kung paano mas mahusay na mapagsilbihan sila ng S Line. Sa lahat ng focus group, ang pinakamalaking interes ay ang pagdaragdag ng serbisyo sa weekend, na may maraming nagsasabi na gagamitin nila ang Sounder kahit isang beses sa isang buwan para sa mga layuning panlibangan tulad ng pamamasyal at pamimili. Nagkaroon din ng malaking interes sa mga karagdagang serbisyo sa weekday sa iba't ibang oras, kabilang ang madaling araw, umaga, tanghali at gabi sa parehong direksyon para mas masuportahan ang mga swing at graveyard shift.

Nagsagawa rin ang mga kawani ng mga panayam sa mga organisasyon sa buong corridor. Mayroong iba't ibang tema mula sa mga pag-uusap na ito, kabilang ang: pagnanais para sa higit pang serbisyo sa tanghali sa kalagitnaan ng linggo; pagnanais para sa higit pang "reverse commute" na mga biyahe sa mga empleyado ng Pierce County; malaking pagnanais para sa serbisyo sa katapusan ng linggo, lalo na sa tag-araw, mula sa mga destinasyong pangturismo sa Pierce at South King County ; at pagnanais para sa higit pang serbisyo sa tanghali (parehong direksyon) para sa mga mag-aaral ng UW-Tacoma.




*LatinX Festival ng Tacoma*



*Halloween Harvest Festival ng Auburn*



*Larong footbal ng Sumner laban sa Graham-Kapowsin*

## *Mga susunod na hakbang*

Gagamitin ng Sound Transit ang feedback na ito mula sa komunidad, kasama ang pananaliksik sa mga pattern ng pagbiyahe, pagsasaliksik ng ahensya ng kasamahan at pagtatantya ng mga sumasakay para ipaalam sa mga talakayan ng Board sa Tagsibol ng 2024 kung uunahin ang mga bagong biyahe kaysa sa mas mahabang tren sa Estratehikong Plano sa Timog ng Sounder. Ang anumang bagong biyahe ng Sounder ay mangangailangan ng pag-apruba mula sa BNSF, na nagmamay-ari ng karamihan sa mga riles na dinadaanan ng Sounder.